<table>
<tr><td colspan="3">BAPTIST HEALTH<br>MANWAL NG PATAKARAN AT PROSESO<br>Blg. 3.14</td></tr>
<tr><td>Seksiyon: Pangangalaga ng Pasyente PINANSYAL</td><td colspan="2">Paksa:<br>PATAKARAN NG OSPITAL SA TULONG-PINANSYAL</td></tr>
<tr><td>Orihinal na Petsa:<br>Oktubre, 1998</td><td>Pinalitan:</td><td>Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa:<br>Oktubre 1, 2023</td></tr>
<tr><td>Petsa ng Pagsusuri:<br>Hunyo 1, 2024</td><td colspan="2">Saklaw:</td></tr>
<tr><td colspan="3">Inaprobahan:<br>/Scott Finnegan, SVP & CTO</td></tr>
</table>

## I. PATAKARAN

Alinsunod sa pilosopiya, layunin, at mga pangunahing prinsipyo ng Baptist Health, patakaran namin na magbigay ng Medikal na Kinakailangang Pangangalaga para sa lahat ng pasyente, anupaman ang kanilang pinansyal na pinagkukunan. Ang patakarang ito ay nalalapat lamang sa Mga Ospital ng Baptist Health at mga provider na nakalista sa **Kalakip A**. Hindi nalalapat ang patakarang ito sa mga provider na nakalista sa **Kalakip B** o sa anumang opsiyonal o iba pang pamamaraang hindi itinuturing na Medikal na Kinakailangang Pangangalaga.

## II. LAYUNIN

Makapaglaan ng pinansyal na tulong sa mga pasyenteng nakaabot sa partikular na kahilingan sa pinansyal na tulong na nakasaad sa patakarang ito at ayon sa kahilingan ng IRC §501(r).

## III. MGA KAHULUGAN

***Amount Generally Billed, "AGB" (Halagang Karaniwang Sinisingil):*** Ang halagang karaniwang sinisingil para sa Medically Necessary Care (Kinakailangang Medikal na Pangangalaga) sa mga indibidwal na may insurace coverage gaya ng pangangalaga, na pinagpapasiyahan ng Mga Ospital ng Baptist Health batay sa mga claim na pinapahintulutan ng tradisyonal na Medicare at komersiyal na kompanya ng insurance para sa pangangalaga sa kalusugan sa nakalipas na labindalawang (12) buwan. **Tingnan ang Kalakip E**.

***Aplikasyon:*** Ang Aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal, na may online at papel na bersiyon. Makakukuha ng kopya ng papel na bersiyon sa **Kalakip D** at sa website ng Baptist Health sa https://www.baptistjax.com/patient-info/financial-assistance.

***Balanseng Responsibilidad ng Pasyente:*** Ang halagang responsibilidad na bayaran ng pasyente matapos na magbayad ang third party ng obligasyon nila ayon sa kontrata, pagbabago, at insurance reimbursement.

***EMTALA:*** Ang mga regulasyong ipinapatupad ng Centers for Medicare and Medicaid Services alinsunod sa Emergency Medical Treatment and Labor Act of 1986.

***Extraordinary Collection Action, "ECA" (Mga Hindi Pangkaraniwang Aksiyon sa Pagkolekta):*** Mga aksiyon na isinasagawa ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan laban sa isang indibidwal na kinabibilangan ng (i) pagbenta sa utang ng indibidwal sa isang third party, (ii) pag-ulat ng nakasasamang impormasyon tungkol sa indibidwal sa mga ahensiyang nag-uulat sa credit ng consumer o credit bureau, (iii) pagpapaliban o hindi pagbibigay ng Medikal na Kinakailangang Pangangalaga bago ang pagbabayad ng, o dahil sa, hindi pagbabayad ng isang indibidwal sa naunang natanggap na pangangalaga, at (iv) legal na proseso o prosesong panghukuman (hindi kasama ang mga pagpapahayag ng bankruptcy at mga prenda na pinapahintulutan ng batas ng estado kaugnay ng hatol, kasunduan, areglo o kompromiso, para sa personal na pinsala).

Hindi kasama sa Extraordinary Collection Action (ECA) ang anumang prenda na karapatang hilingin ng Baptist Health Hospital sa ilalim ng batas ng estado sa mga nakuha sa settlement, hatol, o kompromiso mula sa demanda ng pasyente laban sa third party na nagdulot ng pinsala sa pasyente. Ang mga nakuhang iyon sa third party, hindi mula sa napinsalang pasyente, at lumilitaw na prenda ng ospital para makuha ang mga iyon ay hindi dapat ituring na koleksyon ng mga pagkilos laban sa pasyente. Bilang karagdagan, ang bahagi ng mga nalikom sa isang hatol, areglo, o kompromiso na maipapatungkol alinsunod sa batas ng estado sa pangangalaga na ibinigay ng isang pasilidad ng ospital ay maaaring naaangkop na ituring na kabayaran para sa pangangalagang iyon.

***Final Collection Notice (Huling Abiso ng Koleksyon):*** Isang nasusulat na abiso ang ibibigay sa pasyente di-kukulangin sa 30 araw bago gawin ang anumang ECA laban sa pasyente na nagsasaad na may makukuhang tulong-pinansyal sa lahat ng karapat-dapatng indibidwal, tinutukoy ang (mga) ECA na gustong gawin ng hospital (o iba pang awtorisadong partido), at sinasabi ang deadline matapos gawin ang (mga) ECA na iyon. Kasama sa Huling Abiso ng Koleksyon ang isang Sumaryo ng Simpleng Salita, na may sumaryo ng mga kahilingan sa kuwalipikasyon at tulong sa ilalim ng Patakaran sa Tulong-Pinansyal.

***Gross Patient Charges (Kabuuan ng mga Singil sa Pasyente):*** Ang mga halagang sinisingil ng Baptist para sa mga ibinibigay na serbisyo bago maglapat ng anumang kontrata, pag-adjust, o diskuwento.

***Kaayusan sa Pagbabayad:*** Sa anumang punto sa panahon ng proseso ng panloob na pangongolekta, maaaring magtakda ang Baptist Health ng kaayusan sa buwanang pagbabayad. Kapag ang mga account ay inilagay sa kaayusan sa pagbabayad, makakatanggap ng buwanang statement ang mga pasyente. Kung sa anumang oras, hindi makapagbayad ayon sa kaayusan ang may utang, ang account ay ire-refer sa isang ahensiya ng koleksyon.

***Kita ng pamilya:*** Kabuuang mga sahod, suweldo, kita sa pamumuhunan (mga dibidendo, interes, atbp.), mga benepisyo sa Social Security, tulong publiko, kompensasyon ng manggagawa, benepisyo ng beterano, sustento, suporta sa bata, kita mula sa mga renta, royalty, estate, at trust, o anumang iba pang iba't ibang nabubuwisan kita.

***Medikal na Kinakailangang Pangangalaga:*** Mga medikal o allied na pangangalaga, produkto, o serbisyo na ipinagkakaloob o ipinag-uutos na nakasasapat sa mga sumusunod na kondisyon: (i) Kinakailangan para maprotektahan ang buhay, para mapigilan na magkaroon ng malalang sakit o kapansanan, para mabawasan ang malubhang pananakit, o para mas mahusay na masuri ang pasyente para makapagpasya para sa ligtas na pagpapalabas; (ii) Iniaangkop sa indibidwal, partikular, at naaayon sa mga sintomas o nakumpirmang diagnosis ng ginagamot na sakit o pinsala, at hindi lumalabis sa mga pangangailangan ng pasyente; (iii) Naaayon sa mga karaniwang tinatanggap na propesyonal na medikal na pamantayan tulad ng tinukoy ng programa ng Medicaid, at hindi para sa pag-eeksperimento o pag-imbestiga; (iv) Sinasalamin ang antas ng serbisyo na maaaring ligtas na ipagkaloob, at walang kasing-bisa at mas konserbatibo o mas murang panggagamot na makukuha sa estado; at (v) Ipinagkakaloob sa paraang hindi pangunahing isinasaalang-alang ang kaginhawaan ng tatanggap, tagapangalaga ng tatanggap, o provider. Ang pangangalagang ibinibigay sa isang ospital para sa inpatient ay hindi medikal na kinakailangan kung, alinsunod sa mga probisyon ng naaangkop na medikal na pangangalaga, maaari itong maibigay nang mas mura at kasing-bisa para sa outpatient o sa ibang uri ng pasilidad para sa inpatient. Hindi dahil nagreseta, nagrekomenda, o nag-apruba ng mga medikal o allied na pangangalaga, produkto, o serbisyo ang isang provider ay awtomatiko nang ituturing na medikal na kinakailangan ang mga naturang pangangalaga, produkto, o serbisyo. Kasama sa Kinakailangang Medikal na Pangangalaga ang lahat ng Pang-emergency na Medikal na Pangangalaga.

***Mga Ospital ng Baptist Health:*** Lahat ng ospital ng Baptist Health na nagbibigay ng pangangalaga para sa malubhang panandaliang sakit (Baptist Medical Center Beaches, Baptist Medical Center Clay, Baptist Medical Center Jacksonville, Baptist Medical Center Nassau, Baptist Medical Center South at Wolfson Children's Hospital), kung saan kasama ang mga departamento para sa outpatient at mga hiwalay na emergency center (Baptist Emergency Center at North, Baptist Emergency Center Oakleaf, at Baptist Emergency sa Town Center).

***Mga Sobrang Pinagpapasyahang Asset:*** Fair market value ng mga ipon, puhunan, at hindi tinitirhang ari-arian na mahigit $75,000. Hindi kasama ang mga asset na pinanghahawakan sa mga kwalipikadong plan sa pensiyon, mga 401(k) plan, mga 403(b) plan, at iba pang kwalipikadong plan sa pagretiro.

***Pagsusuri sa Posibleng Tulong-Pinansyal:*** Isang pagpapasiya na ang isang indibidwal ay karapat-dapat para sa Tulong Pinansyal batay sa impormasyong ibinigay ng isang third-party, paglahok sa iba pang mga programa ng tulong na Pederal, Estado, o Lokal, o batay sa isang naunang pagpapasiya ng tulong pinansyal.

***Pamilya:*** Ang pasyente, ang kanilang asawa at ang kanilang mga legal na umaasa ayon sa mga panuntunan ng Internal Revenue Service. Kung ang isang pasyente ay nag-claim ng isang tao bilang isang umaasa (kabilang ang mga kwalipikadong kamag-anak) sa kanilang tax return, sila ay maaaring ituring na isang umaasa para sa mga layunin ng patakarang ito.

***Pang-emergency na Medikal na Karamdaman:*** Isang karamdaman na nangangailangan ng pangangalaga sa kalusugan na nagpapamalas ng sapat na malulubhang sintomas, na maaaring kabilang ang malubhang pananakit, na kung hindi agarang mabibigyan ng medikal na lunas ay makatuwirang maaasahan na magreresulta sa seryosong banta sa kalusugan ng pasyente, kabilang ang buntis na babae o fetus, malubhang pinsala sa mga sistema ng katawan o malubhang pinsala sa paggana ng anumang organ o bahagi ng katawan. Saklaw sa mga kahulugan na ito ang buntis na babae na nakararanas ng mga paghilab kung walang sapat na panahon para magsagawa ng ligtas na paglilipat sa ibang ospital bago ang panganganak o maaaring maging banta sa kalusugan at kaligtasan ang paglipat ng pasyente o fetus, o may katibayan ng pagsimula at pagpapatuloy ng mga paghilab o pagkapunit ng mga membrane.

***Pang-emergency na Medikal na Pangangalaga:*** Pangangalaga sa kalusugan na ibinibigay ng isang Baptist Health Hospital sa mga pasyente na may Pang-emergency na Medikal na Karamdaman.

***Patient Financial Advocate:*** Isang empleyado na may kakayahan na tumanggap at sumuri ng Aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal.

***Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FLP):*** Isang sukatan ng kinikita na inilalabas taon-taon ng Department of Health and Human Services na ginagamit para matukoy kung karapat-dapat sa ilang partikular na programa at benepisyo. May makukuhang talahanayan ng FPL sa **Kalakip C.**

***Porsiyento ng Amount Generally Billed ("AGB%"):*** Ang mga porsiyento na ginagamit ng Mga Ospital ng Baptist Health para malaman ang AGB. Kinukuwenta ng bawat Ospital ng Baptist Health sa pamamagitan ng paghahati ng lahat ng claim para sa mga kinakailangang medikal na pangangalaga na pinahintulutan ng tradisyonal na Medicare komersiyal na kompanya ng insurance sa nakalipas na labindalawang (12) buwan sa lahat ng kabuoang singil sa pasyente para sa mga claim na iyon. Ang porsiyento ng AGB ay taunang ina-update at inilalapat sa loob ng 120 araw sa katapusan ng 12 buwan na ginamit sa pagkuwenta ng porsiyento ng AGB. **Tingnan ang Kalakip E.**

***Tulong-Pinansyal:*** Ang bahagi ng bill ng isang pasyente na hindi responsibilidad na bayaran ng pasyente dahil sa kawalan ng kakayahan na magbayad ayon sa mga pagkakatukoy ng panukatan sa tulong-pinansyal na ibinalangkas sa patakarang ito.

## IV. MGA PROSESO

### A. PAGTUKOY/PAG-SCREEN

Ang ebalwasyon ng pangangailangan na makatanggap ng medikal na pangangalaga ay ibabatay sa klinikal na pagtatasa. Kung pupunta ang isang tao sa Emergency Room o sa mga sitwasyon kung saan may posibleng Pang-emergency na Medikal na Karamdaman, magbibigay ang Mga Ospital ng Baptist Health ng pang-emergency na panggagamot sa lahat ng pasyente na nangangailangan ng naturang pangangalaga, may kakayahan man sila o wala na magbayad, alinsunod sa mga inaatas ng EMTALA. Karaniwan na, hindi gagawa ng anumang aksyon ang Baptist Health Hospitals bago ibigay ang pangangalaga para sa Lumalalang Sakit (gaya ng kahilingang magbayad o koleksyon ng utang) na makatuwirang asahan para umayaw ang mga indibidwal na kumuha ng pangangalagang iyon.

Kapag humiling ng mga hindi pang-emergency na serbisyo, dapat magsagawa ng pinansyal na ebalwasyon bago magbigay ng pangangalaga hangga't maaari. Pagkatapos ng klinikal at/o pinansyal na ebalwasyon, maaaring i-refer ang mga indibidwal sa mga naaangkop na alternatibong programa para sa mga serbisyo. Kung tatanggi ang isang pasyente na humingi ng pangangalaga sa naaangkop na pasilidad, maaaring hindi magbigay ng tulong-pinansyal. Bukod pa rito, kung patuloy na pupunta ang isang pasyente sa Emergency Room para sa mga serbisyong malinaw na hindi pang-emergency, ituturing ang pasyente na kinakailangang tugunan ayon sa EMTALA, ngunit maaari siyang hindi bigyan ng Tulong-Pinansyal.

Ang mga referral para sa pagsusuri sa tulong-pinansyal ay pangunahin nang sinisimulan o tinutukoy ng mga Patient Financial Advocate at kinatawan ng Baptist Health Hospitals. Maaari rin simulan o tukuyin ang mga referral ng iba pang mga empleyado, doktor, o miyembro ng komunidad ng Baptist Health. Bukod pa rito, ipinapaalam ng lahat na pahayag ng pasyente sa mga pasyente ang tungkol sa pagkahanda ng tulong-pinansyal at kung paano mag-apply para sa tulong-pinansyal alinsunod sa Patakaran sa Tulong-Pinansyal ng Mga Ospital ng Baptist Health.

### B. PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA TULONG-PINANSYAL

Ang patakarang ito at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga Patient Financial Advocate ay naka-post sa website ng Baptist Health sa www.baptistjax.com/fap. Ang kinikita ng pamilya at, sa ilang sitwasyon, ang mga pinagpapasyahang asset ang mga pangunahing panukatan para sa pagkakarapat-dapat sa tulong-pinansyal. Para sa mga pasyenteng kumikita ang pamilya ng katumbas o mas mababa sa 200% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, na makikita sa **Kalakip C**, ang halaga ng tulong-pinansyal kung saan karapat-dapat ang pasyente ay katumbas ng balanseng responsibilidad na bayaran ng pasyente. Para sa mga pasyenteng kumikita ang pamilya nang mahigit 200% at mas mababa sa 400% ng FPL, ang halaga ng tulong-pinansyal kung saan karapat-dapat ang pasyente ay katumbas ng balanseng responsibilidad na bayaran ng pasyente na binawasan ng Mga Sobrang Pinagpapasyahang Asset. Kabilang sa Mga Sobrang Pinagpapasyahang Asset ang fair market value ng mga ipon, puhunan, at hindi tinitirhang ari-arian na mahigit $75,000. Hindi kailanman hihilingan ang pasyente na karapat-dapat sa Tulong-Pinansyal sa ilalim ng patakaran na magbayad ng higit sa AGB para sa Kinakailangang Medikal na Pangangalaga, na basehan ng pagsusuri ng AGB sa pamamagitan ng paglalapat ng AGB% na batay sa mga pinahintulutang claim bago ang nakaraang 12 buwan. Ang AGB% para sa bawat Baptist Health Hospital at ang kalkulasyon para makuha ang bawat AGB% ay ipinaliwanag sa **Kalakip E**.

Ang mga balanseng responsibilidad na bayaran ng pasyente ay karaniwang nagmumula sa pagbibigay ng pangangalaga. Pero ang hindi nabayarang balanse na responsibilidad ng pasyente na nasa billing statement paglabas ng pasyente na mahigit 240 araw mula sa mahigit 12 buwan mula sa petsa ng aplikasyon sa Tulong-Pinansyal ay maaaring karapat-dapat sa tulong-pinansyal. Sinumang pasyente na karapat-dapat sa Tulong-Pinansyal ay makakatanggap ng refund ng anumang ibinayad sa account nila na sumobra sa itinakdang halaga ng balanseng responsibilidad na bayaran ng pasyente sa ilalim ng Patakaran sa Tulong-Pinansyal. Pero kung may anumang indikasyon na nagbago ang pinansyal na katayuan ng isang pasyente, maaaring ma-update ang impormasyon kailan man ang petsa ng huling aplikasyon, na maaaring makaapekto sa kwalipikasyon para sa tulong-pinansyal ng pasyente.

Anumang di-nabayarang balanse para sa pasyenteng karapat-dapat sa Medicaid, matapos iproseso ng angkop na tagabayad ng Medicaid, ay karapat-dapat para sa tulong-pinansyal.

**C. PROSESO AT DOKUMENTASYON NG APLIKASYON**

Sinumang indibidwal na naniniwalang posibleng karapat-dapat siya para sa Tulong-Pinansyal para sa Kinakailangan Medikal na Pangangalaga ay dapat magbigay ng napunang Aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal, na makikita sa **Kalakip D**, sa Baptist Health website sa www.baptistjax.com/fap o nang - personal sa bawat ospital o sa koreo (kapag hiniling) nang libre. Ang Aplikasyon ay maaaring isumite anumang oras; pero puwede lang ito sa mga billing statement bago lumabas ang payente o billing statement pagkatapos lumabas ang pasyente basta hindi lalampas sa 240 araw bago sa sinundang 12 buwan sa petsa kung kailan isinumite ang Aplikasyon.

Kapag nag-expire na ang isang Aplikasyon, dapat magsagot ng panibagong Aplikasyon upang patuloy na maging karapat-dapat para sa Tulong-Pinansyal. May mga de-papel at electronic na Aplikasyon. Hinihikayat ang mga Aplikante na gumamit ng mga Patient Financial Advocate para sa tulong upang makapagbigay ng naaayon na format para maidokumento ang pagpapasya kaugnay ng Tulong-Pinansyal. Dapat lagdaan ang Aplikasyon ng aplikante/guarantor at ng Patient Financial Advocate. Maaaring makipag-ugnayan sa Patient Financial Advocates sa pamamagitan ng telepono sa (904) 202-2092. Ang sinumang nangangailangan ng tulong gamit ang ibang wika ay maaaring tumawag sa (904) 202-2435.

Responsibilidad ng aplikante na sagutan ang buong Aplikasyon at ibigay ang dokumentasyon na gagamitin upang mapagpasyahan ang kwalipikasyon para sa Tulong-Pinansyal. Maaaring isumite ang mga aplikasyon at pagsuporta sa dokumentasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa my.baptistchart.com, sa pamamagitan ng koreo sa Baptist Health Jacksonville, PO Box 736048, Dallas, TX 75373-6048; nang personal sa San Marco East Plaza, 3563 Philips Hwy, Jacksonville, FL 32207; o sa pamamagitan ng email sa: pfsfaappt@bmcjax.com.

Bukod sa aplikasyon, kailangan ding magbigay ng pasyente ng katibayan sa kanilang kita at mga asset. Maaaring kasama sa mga dokumentong ito ang isa o higit pa ng mga sumusunod:

Maaaring kasama sa Katibayan ng Kita ang isa o higit pa ng mga sumusunod:

- Form W-2,
- Paycheck Subs,
- Mga income tax return,
- Profit and Loss Statement mula sa isang self-employed na negosyo,
- Kita sa Social Security
- Kinikita sa Pamumuhunan
- Kung walang kita, sabihin kung sino ang sumusuporta sa iyo sa iyong aplikasyon

Maaaring kasama sa Katibayan ng mga Asset ang sumusunod, kung angkop:

- Mga statement ng bangko para sa mga checking at savings account
- Mga Statement ng Investment na may kasalukuyang balanse
- Statement ng sangla (bukod sa pangunahing tinitirhan mo)

Matapos ang 2 beses kunin ng Baptist Health ang napunang Aplikasyon pero hindi ito nagawa, maaaring suriin ang pasyente para sa tulong-pinansyal gamit ang pamamaraan sa pagsusuri sa kuwalipikasyon; pero hindi gagawin ng Baptist Health ang pagsusuri sa kuwalipikasyon para sa siumang pasyente kung ang plano[1] sa insurance nito ay hindi nakontrata ng kasalukuyang Baptist Health Hospital dahil hindi ito "in-network" ("Out of Network Patients," Mga Pasyenteng Wala sa Network). ("Mga Pasyenteng Wala sa Network"). Ang Mga Pasyenteng Wala sa Network ay dapat magsumite ng napunang Aplikasyon para maging karapat-dapat na isaalang-alang sa Tulong-Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito.

Maaaring ipasuri ng mga indibidwal na tatanggihan ng Tulong-Pinansyal ang pagpapasya sa pamamagitan ng pagpapadala ng kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa petsa ng pagpapasya sa sumusunod na address: Baptist Health Jacksonville, PO Box 736048, Dallas, TX 75373-6048, Attn: Financial Assistance Advocate. Ang mga antas ng pag-apruba batay sa kita at mga asset ay itinatakda ng patakaran at hindi karapat-dapat para sa muling pagsasaalang-alang. Kung mali ang magiging kalkulasyon o maling mailalapat ang mga pamantayan o hindi sinasadyang hindi makakapaglagay ng impormasyon o magkakamali sa pagsagot sa Aplikasyon, susuriin ang mga ito upang matukoy kung mag-iiba ang resulta kaugnay ng pagkakarapat-dapat o antas ng tulong-pinansyal kung iwawasto ang mga naturang pagkakamali.

**D. KUWALIPIKASYON SA POSIBLENG TULONG-PINANSYAL**

Maaaring kontratahin ng Baptist Health Hospitals ang isang third party vendor na maaaring gamitin para tukuyin ang mga account na nakaabot sa kuwalipikasyon sa posibleng tulong-pinansyal. Kung ang acount ay natukoy na karapat-dapat sa posibleng tulong-pinansyal, maaaring bigyan ang pasyente ng 100% tulong-pinansyal. Ang mga pasyenteng natukoy na 200% o mas mababa sa Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FLP) ay maaaring mabigyan ng buong tulong pinansyal. Ang mga pasyenteng natukoy na higit sa 200% at mas mababa sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FLP) ay maaaring makatanggap ng bahagyang tulong pinansyal. Ang lahat ng mga pasyente na natukoy na karapat-dapat para sa bahagyang pagiging karapat-dapat ay maaaring mag-aplay upang matukoy kung sila ay karapat-dapat para sa buong tulong pinansyal.

Bukod diyan, ang kuwalipikasyon sa posibleng tulong-pinansyal ay maaaring ibigay sa mga pasyenteng makakapagbigay ng ebidensiya ng partisipasyon sa anuman sa mga kategorya sa ibaba:

- Mga programang pinondohan ng estado may kinalaman sa mga reseta
- Walang bahay o kasalukuyang tumatanggap ng tulong mula sa homeless clinic
- Partisipasyon sa mga programang para sa mga Babae, Sanggol, at Bata (Women, Infants, and Children, WIC)
- Kuwalipikasyon sa food stamp
- Partisipasyon sa iba pang mga programa sa tulong mula sa Pederal, Estado, o Lokal (hal: Medicaid)

Ang pagpapasya sa pagpapalagay ay maaaring ilapat lamang sa isang yugto ng pangangalaga. Ang mga pasyenteng humihiling ng tulong pinansyal para sa higit sa isang yugto ng pangangalaga ay maaaring magsumite ng aplikasyon.

[1] Ang Managed Care Department ay magbibigay sa Patient Financial Services Department bawat quarter, o kapag may mga nangyaring pagbabago, ng isang listahan ng mga plan ng insurance na iyon na hindi napapailalim sa kontrata kasama ng isang Ospital ng Baptist Health bilang 'nasa network'.

**E. MGA KATEGORYA NG TULONG-PINANSYAL**

***Buong Tulong Pinansyal:*** Kabuuang kita ng pamilya 200% o mas mababa sa Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FLP) (FPL).

***Partial na Tulong-Pinansyal:*** Ang kabuoang kita ng pamilya pati ang sobrang discretionary asset ay mahigit sa 200% ng FPL, pero hindi aabot sa 400% ng FPL at ang balanse mula sa pasyente ay binawasan ng AGB%.

***Tulong-Pinansyal para sa Malalang Pangyayari:*** Ang tulong-pinansyal para sa malalang pangyayari ay maaaring aprobahan para sa isahang pangangalaga sa kalusugan kung saan ang kabuoang kita ng pamilya ay lampas 400% ng FPL at ang obligasyon ng pasyente sa Baptist Health ay lampas nang dalawang beses ng taunang kabuoang kita ng pamilya. Mababawasan ng malalang pangyayari ang balanseng responsibilidad ng pasyente ng AGB%.

***Espesyal na Konsiderasyon:*** Ang mga di-inaasahang pangyayari ay maaaring sumuporta sa pangangailangan ng pasyente para sa tulong-pinansyal para hindi inilaan sa ilalim ng pangkalahatang kuwalipikasyon sa patakarang ito. Maaaring kasama sa mga naturang sitwasyon ang mga pinansyal na obligasyon sa asawa o mga inaasahang medikal na pangangailangan sa hinaharap. Lahat ng espesyal na konsiderasyon ay nangangailangan ng pag-aproba ng SVP & Chief Revenue Officer, SVP ng Finance and Chief Treasury Officer, o ng CFO.

**F. MGA KASANAYAN SA PAGSINGIL/PANGONGOLEKTA**

Lahat ng pasyente ay makakatanggap, direkta man o hindi (sa pamamagitan ng kanilang guardian, guarantor, o abogado), ng kombinasyon ng 4 na statement at 2 tawag sa panahon ng 120 araw. Sa panahong ito, inaasahan ang pasyente na bayaran nang buo ang statement nila, magtatag ng kaayusan sa pagbabayad, o mag-apply para sa tulong-pinansyal.

Hindi gagawa ang Baptist Health ng anumang ECA laban sa indibidwal, gaya ng pagre-report ng account ng pasyente sa kagawaran ng utang, nang walang ginagawang pagsisikap para malaman kung karapat-dapat ang pasyente sa tulong-pinansyal sa ilalim ng patakarang ito. Maaaring hindi simula ang ECA hanggang sa ika-121 arawmatapos ang petsa ng statement paglabas ng pasyente at di-kukulangin sa 30 araw pagkatapos magbigay ang Baptist Health o ahente nito ng nasusulat na abiso ng huling koleksyon. Kung hindi nabayaran ang balanseng responsibilidad na bayaran ng pasyente matapos ang 120 araw, hindi nakapagtatag ng kaayusan sa pagbabayad, o hindi nakatanggap ng napunang aplikasyon, ang account ay ipapadala sa pangunahing ahensiya ng koleksyon sa loob ng 150 araw. Magpapadala ng huling abiso ng koleksyon ra pasyente na nagsasabing ang account nila ay ilalagay sa pangunahing ahensiya ng koleksyon. Isang kopya ng Sumaryo ng Simpleng Salita (**Kalakip F**), na may sumaryo ng mga kahilingan para sa kuwalipikasyon at tulong na inialok sa ilalim ng Patakaran sa Tulong-Pinansyal, ay ipapadala rin sa pasyente gamit ang koreo na may abiso ng huling koleksyon bago ipadala ang account sa koleksyon. Ang mga account na ilalagay sa pangunahing ahensiya ng koleksyon ay hindi ire-report sa kagawaran ng utang.

Pagkatapos ng 150 araw at hindi pa nakapagtatag ng kaayusan sa pagbabayad sa pangunahing ahensiya ng koleksyon, o wala pang natanggap na napunang aplikasyon, ang account ay ibabalik sa Baptist Health. Ang mga account na ibinalik mula sa pangunahing ahensiya ng koleksyon ay ipapadala sa pangalawahing ahensiya ng koleksyon sa loob ng di-kukulagin sa 365 araw. Maaaring mag-repot ang Baptist Health (o ang mga awtorisadong kasosyo nito sa negosyo) ng nakakapinsalang impormasyon para ituro ang pagre-report ng mga ahensiya at/o kagawaran ng utang. Ang mga account na ibinalik ng pangalawahing ahensiya ng koleksyon ay ituturing na hindi makokolekta.

## G. PAGLALATHALA SA PATAKARANG ITO

Maaaring makakuha nang walang bayad ang mga indibidwal ng nakasulat na kopya ng patakarang ito, buod nito sa simpleng salita, form ng Aplikasyon, at proseso para sa pagkakalkula ng mga diskwento at pagtukoy ng kwalipikasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Baptist Health sa www.baptistjax.com/fap o sa pamamagitan ng pagsusumite ng kahilingan sa pagsulat sa Baptist Health, P.O. Box 736048, Dallas, TX 75373-6048, Attn: Financial Assistance Advocate. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa iba't ibang wika ng mga nasa grupo ng mga nahihirapan sa wikang Ingles na bumubuo ng wala pang 5% ng komunidad ng Baptist Health Hospital o ng populasyong malamang na maapektuhan o madala sa Baptist Health Hostpital o 1,000 indibidwal. Makikita ang Patakarang ito at ang buod nito sa simpleng salita sa website ng Baptist Health at sa mga emergency room, admissions office, at iba pang lugar ng tanggapan sa Mga Ospital ng Baptist Health. Susundin ng Baptist Health ang mga pamamaraan para mag-abiso at sabihan ang mga miyembro ng komunidad na pinaglilingkuran ng Baptist Health Hospitals ang tungkol sa patakarang ito sa makatuwirang paraan para maabot ang mga miyembro ng komunidad na malamang na hindi kailangan ng tulong-pinansyal.

## MGA SANGGUNIAN

A. **Kalakip A –** Mga Provider na Saklaw ng Patakaran sa Tulong-Pinansyal
B. **Kalakip B –** Mga Provider na Hindi Saklaw ng Patakaran sa Tulong-Pinansyal
C. **Kalakip C –** Mga Pederal na Pamatnubay sa Kahirapan
D. **Kalakip D –** Aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal
E. **Kalakip E –** Kalkulasyon ng AGB%
F. **Kalakip F –** Buod ng Plain Language

## LISTAHAN NG MGA PROVIDER NA SAKLAW NG PATAKARAN SA TULONG-PINANSYAL

Alinsunod sa Reg. Sec. 1.504(r)-4(b)(1)(iii)(F) at Notice 2015-46, nakasaad sa listahang ito kung aling mga provider ng pang-emergency at medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay sa pasilidad ng ospital ang saklaw ng Programa sa Tulong-Pinansyal (Financial Assistance Program, FAP). Ang mga opsiyonal na proseso at iba pang pangangalaga na hindi pang-emergency na pangangalaga o kaya ay medikal na kinakailangan ay hindi saklaw ng FAP para sa anumang provider.

**Mga Pasilidad ng Ospital:**

Baptist Medical Center of the Beaches, Inc.

Baptist Medical Center of Nassau, Inc.

Southern Baptist Hospital of Florida, Inc.

d/b/a: Baptist Medical Center Jacksonville

Baptist Medical Center South

Baptist Medical Center Clay

Baptist Emergency Center North

Baptist Emergency Center sa Town Center

Baptist Emergency Center sa Oakleaf

Wolfson Children's Hospital

Baptist Behavioral Health

Ang kompanya ng mga doktor na ang mga serbisyo ay ibinibigay sa ospital na binanggit sa itaas ay sumusunod sa FAP habang nagbibigay ng kinakailangang medikal at/o mga serbisyong binubuo sa mga pasilidad ng ospital ng Baptist.

Baptist Agewell Physicians, Inc.

Baptist Cardiology, Inc.

Baptist ENT Specialists, Inc.

Baptist MD Anderson Cancer Physicians, Inc.

Baptist Neurology, Inc.

Baptist Obstetrics & Gynecology, Inc.

Baptist Primary Care, Inc.

Baptist Pulmonary Specialists, Inc.

Baptist Specialty Physicians, Inc.

Baptist Urology, Inc.

Lyerly Baptist, Inc.

## LISTAHAN NG MGA PROVIDER NA HINDI SAKLAW NG PATAKARAN SA TULONG-PINANSYAL

21st Century Oncology Jacksonville
Ackerman Cancer Center
Allergy & Asthma Specialists of North Florida
Amelia Anesthesia
Amelia Internal Medicine
Ashchi Heart & Vascular Center
Baptist Agewell Physicians*
Baptist Cardiology*
Baptist ENT Specialists*
Baptist MD Anderson Cancer Physicians*
Baptist Neurology*
Baptist Obstetrics & Gynecology*
Baptist Primary Care*
Baptist Pulmonary Specialists*
Baptist Specialty Physicians*
Baptist Rheumatology
Baptist Urology*
Bartram Park Family ENT
Beaches Ear Nose & Throat
Borland Groover Clinic
Cancer Specialists of North Florida
Cardiothoracic & Vascular Surgical Associates
Carithers Pediatric Group
Clinic for Kidney Diseases
Digestive Disease Consultants
Drs. Mori, Bean and Brooks
Emergency Resources Group
Edward D. Tribuzio, MD
FABEN Obstetrics & Gynecology
Family Allergy & Asthma Specialists
Family Medical Centers
First Coast Cardiovascular Institute
Florida Anesthesia Associates
Intracoastal Dermatology
Institute of Pain Management
Jacksonville Anesthesia
Jacksonville Multi-Specialty Group
Jacksonville Orthopaedic Institute
Jacksonville Pediatrics
Jacksonville Pediatric Associates
Lyerly Baptist*
McIver Urological Clinic
Nemours Children's Specialty Care
Nephrology Associates of NE Florida
North Florida OB/GYN Associates
North Florida Surgeons
Podiatry Associates of Florida
Regional Obstetrics Consultants
Southeast Anesthesia & Spine Specialists
Southeastern Pathology Associates
Southeastern Retina Specialist
St. John's Pediatrics
UF Health Physicians
UF Jacksonville Physicians
University of Florida Health Science Center Jacksonville
Women's Physicians of Jacksonville

* Ang mga provider na ito ay sumusunod sa FAP habang nagbibigay ng kinakailangang medikal at/o mga serbisyong binubuo sa mga pasilidad ng ospital ng Baptist. Tingnan ang **Attachment A** ng patakarang ito.

Ang mga indipindiyenteng medikal na provider sa mga tauhang medikal ng Baptist ay hindi nakikibahagi sa Patakara sa Tulong-Pinansyal.

# Mga Alituntunin sa Pederal na Kahirapan

Upang matukoy kung kwalipikado ka para sa tulong-pinansyal, isinasaalang-alang namin kung magkano ang kita na tinatanggap ng iyong pamilya bawat taon, ilang tao ang nasa iyong pamilya, at anong iba pang mga pinansyal na pinagkukunan ng sambahayan na maaaring mayroon ka ("mga discretionary asset"). Inihahambing namin ang impormasyong iyong ibinigay sa amin sa kasalukuyang Federal Poverty Guidelines (FPG). Ang talaan sa ibaba ay isang pangkalahatang pamatnubay:

| Bilang ng tao sa sambahayan | Maaaring magamit ang ganap na pangangalagang pangkawanggawa (libreng pangangalaga) kung ang iyong | Maaaring magamit ang bahagyang pangangalagang pangkawanggawa o mga diskwento kung ang iyong taunang kita ng pamilya ay: |
|---|---|---|
| | *Mababa sa 200% ng 2024 FPG* | *200% hanggang 400% ng 2024 FPG* |
| | Mas mababa sa $30,120 | $30,120 hanggang $60,240 |
| | Mas mababa sa $40,880 | $40,880 hanggang $81,760 |
| | Mas mababa sa $51,640 | $51,640 hanggang $103,280 |
| | Mas mababa sa $62,400 | $62,400 hanggang $124,800 |
| | Mas mababa sa $73,160 | $73,160 hanggang $146,320 |
| | Mas mababa sa $83,920 | $83,920 hanggang $167,840 |
| | Mas mababa sa $94,680 | $94,680 hanggang $189,360 |
| | Mas mababa sa $105,440 | $105,440 hanggang $210,880 |
| Mahigit sa 8 tao sa iyong sambahayan | Magdagdag ng $10,760 para sa bawat karagdagang tao | |

# Programang Tulong Pinansyal ng Baptist Health

Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Baptist Health Hospital, ang aming Programang Tulong Pinansyal (Financial Assistance Program, FAP) ay maaaring makatulong sa iyo. Pakisuyong punan ang aplikasyong ito sa para masuri at maproseso agad ng aming mga Tagapagtaguyod ng Pinansyal ng mga Pasyente ang aplikasyon mo. Anumang nawawala o hindi malinaw na impormasyon ay maaaring maging dahilan para maantala ang proseso ng aplikasyon mo o hindi ito maaprobahan.

Bilang karagdagan sa iyong aplikasyon, maaaring hilingin sa iyo ang sumusunod na suporta:

| Uri ng Kita ng Sambahayan | Kailangang Dokumento |
|---|---|
| Kita mula sa sahod sa trabaho | • Pinakabagong paystub na may kabuoang taunang sahod; O<br>• Ang pinakabagong buong buwan na paystub |
| Kita sa sariling negosyo o kita sa Pinapaupahan | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul; O<br>• Pahayag ng Kita at Pagkawala; O<br>• (Mga) Kasunduan sa Pagrenta |
| Kita sa Pamumuhunan (Interes, Dibidendo, atbp.) | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul; O<br>• Mga Pahayag sa Pamumuhunan |
| Mga benepisyo sa kawalan ng trabaho o kita mula sa Suweldo ng Trabahador | • Buod ng Pagbabayad na nagpapakita ng iyong kabuoang lingguhang benepisyo |
| Alimony o suporta sa bata | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul; O<br>• Desisyon ng Korte na Magdiborsyo / halagang iginawad |
| Kita sa pensiyon o pagreretiro/annuity | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul; O<br>• Buwanang sulat ng kabuoang benepisyo |
| Kita sa Social Security/Karagdagang Kitang Panseguridad o Mga Benepisyo ng Beterano | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul; O<br>• Buwanang sulat ng kabuoang benepisyo |

| Uri ng Ari-arian ng Pamilya | Kailangang Dokumento |
|---|---|
| Cash | • Kasalukuyang Statement ng Bangko para sa lahat ng Checking at Savings account |
| Mga Pamumuhunan (Mga CD, US Savings Bonds, US Treasury Bills, Stocks, Pondo sa Money Market, Mutual Funds, Trust Funds, atbp.) | • Mga Pahayag sa Pamumuhunan na nagpapakita ng balanse |
| Pangalawang Tahanan | • Pahayag ng Mortgage (maliban sa pangunahing tirahan); O<br>• Bill / Statement ng Buwis sa Ari-arian |

| Mga miyembro ng pamilya | Kailangang Dokumento |
|---|---|
| Mga umaasang batang wala pang 18 taong gulang na kasama sa bahay | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul; O<br>• Mga papeles ng Guardianship; O<br>• Desisyon ng Korte na Magdiborsyo |
| Mga umaasang bata na wala pang 25 taong gulang na mga full-time na estudyante | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul; O<br>• Katibayan ng pagpapatala sa paaralan |
| Kuwalipikadong Kamag-anak na nakatira sa iyo (Magulang, Biyenan, Kapatid, Pamangkin) | • Pinakabagong buwis kasama ang lahat ng iskedyul na nagpapakita ng patunay na inaangkin mo ang mga ito sa iyong buwis |

## Kung paano isumite ang aplikasyon mo:

**Mag-apply online sa:** www.My.BaptistChart.com

**Mag-email sa amin sa:** PFSFAAPPT@bmcjax.com

**Magpunta nang personal sa:**

**Alinman sa aming mga Lokasyon ng Baptist Hospital**
~~O sa aming **San Marco East**~~
**Location** sa:
3563 Philips Highway,
BLDG B STE 201
Jacksonville, FL 32207

**Magpadala ng Liham sa:**

Baptist Health Jacksonville
PO Box 736048
Dallas, TX 75373-6048
Attn: Tagapagtaguyod ng Pinansyal ng mga Pasyente

**May tanong?** Tumawag sa 904.202.2092

**KALAKIP D**

# Aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal para sa mga Serbisyo ng Ospital

**Pangalan ng Pasyente:** ______________________________________________ **Numero ng Telepono:** (_____) _____-____________
**Petsa ng Kapanganakan:**_____/_____/_____ **SSN:**_____-_____-_____ **Email Address:**___________________________________
**Adres:**_______________________________________________________________________________________________
**Lungsod:**____________________________________________ **Estado:** ___________ **ZIP Code:** ___________________________

**Buntis:**☐**Oo** ☐ **Hindi** **May Kapansanan:**☐**Oo** ☐ **Hindi** **Walang tirahan:**☐**Oo** ☐ **Hindi** **Katayuan sa Pag-aasawa:**

**Mayroon bang insurance na pangkalusugan/sasakyan upang saklawin ang anumang halaga ng iyong pangangalagang medikal?**☐**Oo** __________________ ☐**Hindi**
Insurance/Policy#

**Mga Miyembro ng Sambahayan:** Ilista ang sarili, asawa, at lahat ng dependent na nakatira sa iyo na iyong sinusuportahan kabilang, ang mga anak na wala pang 18 o mga full-time na mag-aaral sa kolehiyo na wala pang 25 (biyolohikal, adopted, step, ibang legal na umaasa na anak), magulang, biyenan, kapatid, pamangkin na babae, o pamangkin na lalake.

| (Mga) Pangalan ng Miyembro ng Sambahayan | Petsa ng Kapanganakan | Huling 4 na numero ng SS# | Kaugnayan sa Pasyente | Katayuan ng Paghahain ng Buwis |
|---|---|---|---|---|
| Sarili / Pasyente | | | Sarili / Pasyente | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**Kita ng Sambahayan:** Ilista ang lahat ng kita o "walang kita" para sa lahat ng miyembro ng pamilya ng sambahayan na nakalista sa itaas - kasama ang iyong sarili.

| **(Mga) Pangalan ng Miyembro ng Sambahayan**<br>mayroon o walang kita (kabilang ang iyong sarili) | **Pinagmulan ng Kita**<br>Pangalan ng Employer, Self-Employed, Kita sa Pagpapaupa, Kita sa Pamumuhunan, Workman's Comp, Unemployment, Alimony/Child Support, Pension/Retirement/Annuities, Social Security, VA Benefits, **o "Walang Kita"**. Kung hindi mo alam, isulat ang "Hindi Kilala". | **Bilang ng Buwan na may Kita o Walang Kita** | **Kasalukuyang Kabuuang Buwanang Kita** | **Taunang Kabuuang Kita**<br>Ilista ang kabuoang Kita |
|---|---|---|---|---|
| Sarili / Pasyente* | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

***Kung nag-claim ka ng "Walang Kita", sabihin sa amin kung sino ang sumusuporta sa iyo: Pangalan:** _______________**Relasyon:**

**Mga Asset ng Sambahayan:** Ilista ang lahat ng asset o "walang asset" para sa lahat ng miyembro ng pamilya ng sambahayan na nakalista sa itaas - kabilang ang iyong sarili.*

| (Mga) Pangalan ng Miyembro ng Sambahayan | Uri ng Asset | Kabuuang Kasalukuyang Dolyar na Halaga ng Asset |
|---|---|---|
| Sarili / Pasyente | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

*Kung ang kabuuan ng lahat ng asset ay lumampas sa $75k, anumang halagang higit sa $75k ay ituturing na kita para sa mga layunin ng pagkalkulang ito.

**Pansin sa Mga Tatanggap ng Medicare:** Ang mga pederal na regulasyon ay nangangailangan ng mga tatanggap ng Medicare na magbigay ng patunay ng kita at mga ari-arian kapag nag-aaplay para sa tulong pinansyal sa ospital.

Inilalaan ng Baptist Health ang karapatan nitong baguhin ang anumang desisyon na ginawa sa pagtitiwala sa form na ito, kabilang ang pagbabalik ng isang write-off, kung ang isinumiteng impormasyon ay hindi tumpak/mali o kung ang mga medikal na bayarin ay nauugnay sa isang aksidente kung saan may kasunod na pagbawi ng pera . Pinatutunayan ko na ang impormasyon sa itaas ay tama at nauunawaan na alinsunod sa FL Statute 817.50 na pagbibigay ng maling impormasyon upang dayain ang isang ospital para sa layunin ng pagkuha ng mga produkto o serbisyo ay isang misdemeanor sa ikalawang antas. Nagbibigay ako ng awtorisasyon sa Baptist Health na i-verify ang impormasyong ibinigay sa pamamagitan ng isang ulat ng kredito ng consumer, kung kinakailangan.

_________________________________________ ____________
**Lagda ng Pasyente / Guarantor** **Petsa**

KUNG KINAKAILANGAN NG KARAGDAGANG MGA LINYA, MANGYARING HILINGIN ANG PAHINA 2.

May tanong? Kontakin Kami.
**My.BaptistChart.com** ● **Website:** www.baptistjax.com/fap
PO Box 736048 ● Dallas, TX 75373-6048
**Telepono:** 904.202.2092 ● **Fax:** 904.391.5550 ● **Email:** pfsfaappt@bmcjax.com

# Kalkulasyon para sa AGB% ng Baptist Health para sa 2023-2024 Taon ng Pananalapi

Ang isang indibidwal na karapat-dapat para sa programa ng tulong-pinansyal ay hindi sisingilin ng higit sa 18% ng kabuoang singilin sa ospital para sa medikal na kinakailangang pangangalaga. Kabilang doon pareho ang inpatient at outpatient na pangangalaga. Labing-siyam na porsiyento (18%) ang average na rate kung saan nire-reimburse ng bayarin para sa serbisyo ng Medicare at mga insurer ng pangkomersiyal ng pangangalagang pangkalusugan ang Baptist Health.

Upang maabot ang panuntunang 18%, ginagamit namin ang pamamaraang "pagbabalik-tanaw." Pinagsasama-sama namin ang lahat ng claim sa loob ng 12 buwan mula sa mga bayarin para sa serbisyo ng Medicare at mga komersiyal na kompanya ng insurance sa pangangalagang pangkalusugan para sa Kinakailangang Medikal na Pangangalaga. Hinahati namin ang halaga sa kabuuan ng mga singilin para sa mga naturang claim. Ang numerong nakuha namin at tinatawag na porsiyento ng Amount Generally Billed, o "AGB%". Ang mga claim na sinusuri namin ay ang mga nabayaran at napalabas sa loob ng naturang 12 buwan. Kapag hindi pa naisapinal ang isang claim sa huling araw ng 12 buwan, hindi namin isinasama sa bilang ang naturang claim sa kabuoan. Binibilang lang ang mga claim kapag nabayaran na. Ang AGB% ay ia-update taon-taon at ilalapat sa loob ng 120 ng katapusan ng 12 buwan na ginamit para kuwentahin ang AGB%.

Kapag kinukuwenta ang AGB%, isinasama namin ang buong halagang pinapahintulutan ng kompanya ng insurance. Ibig sabihin, ang halaga na obligadong bayaran ng kompanya ng insurance at ang halaga na obligadong bayaran ng pasyente. Maaaring kabilang sa mga responsibilidad ng pasyente ang mga co-payment, co-insurance, at nababawas. Pagdating sa kung anong halaga ang sinasama namin para sa pagbabayad ng pasyente, hindi mahalaga kung ang kabuuang singilin para sa serbisyo ay nabayaran na. Hindi rin namin isinasaalang-alang kung may diskwentong nailapat sa bill ng pasyente. Hinahati ang AGB sa kabuuan na mga singilin sa pasyente para sa lahat ng claim sa loob ng 12 buwang binayaran ng Medicare at mga insurer ng pangkomersyal na pangangalagang pangkalusugan.

Isang hiwalay na AGB% ay kinukuwenta taon-taon para sa bawat Baptist Health Hospital, at ang lahat ng pasilidad ng ospital ng Baptist Health ay naglalapat ng pinakamababang porsiyento ng AGB. Binibigyan ng diskwento ang mga pasyenteng Nagbabayad para sa Sarili na katumbas ng inverse ng porsiyento ng AGB, sa halimbawa sa itaas, 82%.

Ang sumusunod na porsiyento ng AGB ay kinuwenta para sa bawat pasilidad ng ospital ng Baptist Health:

- Baptist Medical Center of the Beaches, Inc. – **18%**
- Baptist Medical Center of Nassau, Inc. – 20%
- Southern Baptist Hospital of Florida, Inc.
    - Baptist Medical Center Jacksonville/WCH – 21%
    - Baptist Medical Center South – 19%
    - Baptist Medical Center Clay – 20%

Baptist Emergency Center North – 20%

Baptist Emergency Center at Town Center – 25%

Baptist Emergency Center at Oakleaf – 24%

# Tulong-Pinansyal Buod ng Patakaran

Sa Baptist Health, sensitibo kami sa mga pangangailangan ng mga pasyente na hindi tiyak kung kaya nilang bayaran ang kailangan nilang pangangalaga. Bilang bahagi ng aming nagpapatuloy na pangako sa kalusugan ng komunidad, patakaran namin na tulungan ang aming mga pasyente na maunawaan ang mga pinansyal na mapagkukunan na maaari nilang magamit upang matulungan sila.

Nag-aalok ang Baptist Health ng:

- **Tulong** para sa mga pasyente na makapag-apply sa mga programa ng gobyerno gaya ng Medicaid, pati na sa ibang pederal, pang-estado, at lokal na mga programa.
- **Tulong Pinansyal o May Diskwentong Pangangalaga** sa mga pasyenteng walang insurance o kulang sa insurance na kwalipikado sa ilalim ng aming Patakaran sa Tulong Pinansyal ("FAP"). Ang mga kinakailangang serbisyong Pang-emergency at Pangmedikal na ibinibigay sa aming mga Ospital ay sakop ng aming FAP. Ang lahat ng iba pang medikal na serbisyo ay maaaring hindi kuwalipikado sa aming pinansyal na tulong sa ilalim ng patakaran.
- **Mga Plan ng Flexible na Pagbabayad** batay sa katayuang pampinansyal ng pasyente at kabuuang halaga na dapat bayaran. Ang layunin namin ay tulungan ang mga pasyente na mabayaran ang kanilang mga bill sa patas na paraan batay sa kanilang mga kalagayan.
- **Mga referral** sa mga programa para sa medikal na pangangalaga, kung hindi kwalipikadong makatanggap ng tulong-pinansyal ang mga pasyente.

**Para sa higit pang impormasyon, para makakuha ng aplikasyon, ang buong patakaran sa tulong pinansyal, isang kopya ng buod na ito*, o para magsumite ng aplikasyon:**

**Bisitahin ang:**
**www.My.BaptistChart.com O**
**www.baptistjax.com/fap**

**Mailing Address:**
**Baptist Health Jacksonville**
**PO Box 736048**
**Dallas, TX 75373-6048**
**Attn: Financial Assistance Advocate**

**Tumawag: 904.202.2092**

*Ang lahat ng mga dokumento ay makukuha sa ibang mga wika

Hihilingin sa iyo na kumpletuhin ang isang simpleng aplikasyon upang kumpirmahin ang laki ng iyong sambahayan at kita ng sambahayan at mga ari-arian. Sa sandaling suriin namin ang iyong nakumpletong aplikasyon sa tulong pinansyal, maaari kang maging karapat-dapat para sa alinman sa buong tulong kung ang kita ng iyong sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan o bahagyang tulong kung ang kita ng iyong sambahayan ay nasa pagitan ng 201% - 400% ng pederal na antas ng kahirapan.

Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa pinansyal na tulong ay hindi inaasahang magbabayad ng mas malaki para sa emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil (AGB), na siyang kabuuang halaga na papayagan ng Medicaid para sa naturang pangangalaga.

**Para sa personal na tulong, bisitahin ang isa sa mga lokasyong nakalista sa ibaba.**

**Baptist Medical Center Jacksonville**
800 Prudential Drive
Jacksonville, FL 32207

**Wolfson Children's Hospital**
800 Prudential Drive
Jacksonville, FL 32207

**Baptist Medical Center South**
14550 Old St. Augustine Road
Jacksonville, FL 32258

**Baptist Medical Center Beaches**
1350 13th Ave. Timog
Jacksonville Beach, FL 32250

**Baptist Medical Center Nassau**
1250 South 18th Street
Fernandina Beach, FL 32034

**Baptist Medical Center Clay**
1771 Baptist Clay Drive
Fleming Island, FL 32003

BAPTIST HEALTH

ATTACHMENT F